
2

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 5: Tungkulin at Gawain ng mga Bumubuo ng Komunidad: Kaugnayan sa Sarili at Pamilya




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q1_AP 2_ Module 5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 5: Tungkulin at Gawain ng mga Bumubuo sa Komunidad: Kaugnayan sa Sarili at Pamilya**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Fatima A. Mejia |
| **Patnugot:** | Rebecca K. Sotto, Helen G. Laus, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri:** | Lily Beth B. Mallari, Angelica M. Burayag |
| **Tagaguhit:** | Christopher S. Carreon |
| **Tagalapat:** | Rachel S. Dela Cruz |
| **Tagapamahala**: | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Robert E. Osongco, Lily Beth B. Mallari, Rebecca K. Sotto |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 5:
## Tungkulin at Gawain ng mga Bumubuo ng Komunidad: Kaugnayan sa Sarili at Pamilya

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga gawain at aktibidad upang maunawaan ng mga mag-aaral ang kaugnayan sa sarili at pamilya ng mga tungkulin at gawain ng mga bumubuo ng komunidad.

Sa katapusan ng modyul na ito, ikaw ay inaasahan na:

1. Natutukoy ang mga tungkulin at gawain ng mga bumubuo ng komunidad.

2. Mailalarawan ang gawain at tungkulin ng mga bumubuo ng komunidad.

3. Naiuugnay ang tungkulin at gawain na bumubuo ng komunidad sa sarili at sariling pamilya.

## Subukin

Kopyahin ang tandang pananong at mga pangungusap sa sagutang papel. Kulayan ng asul ang parte kung ito ay tumutukoy sa tungkulin at kulay pula kung tumutukoy sa gawain.



| Aralin 1 | Tungkulin at Gawain ng mga Bumubuo ng Komunidad: Kaugnayan sa Sarili at Pamilya |
|---|---|

## *Balikan*

Piliin mula sa bubong ng bahay ang mga institusyon na tinutukoy sa bawat pangungusap.



## Tuklasin

Ang bawat bumubuo ng komunidad ay may tungkulin at gawain na may kaugnayan sa ating sarili at pamilya. Basahin ang salaysay ni Tina.



Ako si Tina, nais kong ibahagi ang nagagawa ng bawat bumubuo ng komunidad sa aking sarili at pamilya.

Sa tahanan, ang aking ama at ina ay ipinararamdam
ang kanilang pagmamahal at pag-aaruga.

Sa aking paaralan, ang aking guro ang siyang humuhubog ng aking kaisipan at kaalaman sa iba't ibang kasanayan.

Sa simbahan, ang pari ang siyang nagpapatibay ng aking pananalig at paniniwala sa Poong Maykapal.

Ang mga tao sa bahay pamahalaan, sa pamumuno ni Kapitan at ng kanyang mga kagawad ay nagpapatupad ng kaayusan sa aming komunidad upang kami ay magkaroon ng tahimik at ligtas na kapaligiran.

Ang palaruan sa aming komunidad ay nagbibigay ng saya sa aming mga bata. Sinisiguro ng mga tagalinis ang kalinisan nito.

Sa aming *health center*, ang mga doktor at nars ay nagbibigay ng libreng bakuna sa mga sanggol, libreng gamot at *check-up* sa mga may sakit.

Ito ang aking komunidad at ang mga bagay na naitutulong nito sa aking sarili, sa aming pamilya at iba pang naninirahan dito.

## *Suriin*

Ang bawat isa sa atin ay may mga tungkulin o responsibilidad na ginagampanan sa ating komunidad ukol sa isang partikular na gawain. Ang mga tungkulin at gawain ng mga bumubuo ng komunidad ay may kaugnayan sa ating mga sarili at sariling pamilya.

Alamin kung ano-ano ang mga kaugnayan nito.



Sa tahanan ay masayang naninirahan kasama ang mga magulang na nagbibigay ng pagmamahal, pag-aaruga at pangangailangan ng mag-anak.



Ang paaralan kung saan nahuhubog ang kaisipan upang lumawak pa ang ang kaalaman sa iba't- ibang kasanayan.

Masisipag ang mga guro na tumutulong upang ampacity ang mga talento ng bawat mag-aaral. Sila rin ay tumatayong pangalawang magulang dito sa paaralan.




Ang simbahan, dito samasamang nanalangin ang mga tao. Ito rin ang namumuno sa mga pagdiriwang na panrelihiyon. May pagkakaisa ang lahat kahit na magkakaiba ang relihiyon at paniniwala.



Dito maaaring maglaro at pumasyal dahil sa palaruang ito, nabubuo ang magandang pagsasamahan ng bawat pamilya at magkakaibigan. Dito ginaganap ang mga palabas at programa ng aming komunidad.



Sa health center pumupunta ang mga tao upang magpakonsulta ng kanilang mga karamdaman. Ito ang nangangalaga sa kalusugan ng mamamayan. Nagbibigay ito ng libreng bakuna. Namamahagi rin ng mga gamot sa mga naninirahan.



Ang bahay-pamahalaan naman ang namamahala sa kaayusan, katahimikan at kapayapaan ng aming komunidad. Sa pamumuno ng Kapitan kasama ang mga Kagawad, ipinatutupad nila ang mga batas.



Ito ang pamilihan, kung saan namimili ng pangunahing pangangailangan ng mga naninirahan sa isang komunidad.

Ang bawat bumubuo ng komunidad ay may mahalagang tungkulin at gawain. Ang mga tungkulin at gawain na ito ay may kaugnayan sa ating sarili at sariling pamilya na nakatutulong upang mapunan ang ating mga pangangailangan sa pagkain, kalusugan, edukasyon, espiritwal at libangan.

## *Pagyamanin*

**A. Panuto:** Piliin ang letra ng estruktura ng komunidad na tinutukoy sa bawat pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.


A.


B.


C.


D.


E.

| | | |
|---|---|---|
| Dito nagpupunta ang pamilya ni Mang Kiko tuwing araw ng Linggo upang magsimba. | Dito dinadala ang mga may sakit upang makapag-pagamot. | Lugar kung saan natututo ng iba't-ibang kasanayan ang mga bata. |

1. ________ 2. ________ 3. ________

| | |
|---|---|
| Dito kung saan tinutulungan ni Ana ang kanyang ina pang bumili ng kanilang pangangailangan. | Ito ang lugar kung saan madalas pumasyal at maglibang si Lina kasama ng kanyang mga kaibigan. |

4. ________ 5. ________

**B. Panuto:** Piliin ang masayang mukha kung ang isinasaad na pahayag ay tama at malungkot na mukha naman kung mali. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| 1. Ang pamilihan ang tumutugon sa pangunahing pangangailangan ng mga tao tulad ng pagkain, damit at iba pa. | ☺ | ☹ |
| 2. Sa ating simbahan pinapanatiling malusog ang bawat taong naninirahan sa isang komunidad. | ☺ | ☹ |
| 3. Ang pamahalaan ang tagapangalaga sa kaayusan at kapayapaan ng komunidad. | ☺ | ☹ |
| 4. Tungkulin ng paaralan na mabigyan ng edukasyon ang bawat mag-aaral sa komunidad. | ☺ | ☹ |
| 5. Isa sa tungkulin ng pamahalaan ang magpaliwanag sa mga salita ng Diyos na ayon sa Bibliya. | ☺ | ☹ |

C. **Panuto:** Lagyan ng **tsek** ✓ kung ito ay gawain at tungkulin ng mga kasapi ng isang komunidad at **ekis** ✕ kung hindi.

| | |
|---|---|
| | 1. Nagbibigay ng libreng gamot at bitamina sa mga health center. |
| | 2. Naglalaan ng parke o lugar-pasyalan. |
| | 3. Mataas na presyo ng mga bilihin sa palengke o pamilihan. |
| | 4. Nangunguna sa mga ilegal na gawain sa komunidad. |
| | 5. Nagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan ng isang komunidad. |

**D. Panuto:** Iguhit ang bituin★ kung tama ang pahayag sa bawat pangungusap at buwan ☾ kung ito ay mali. Isulat sa sagutang papel ang sagot.

_____ 1. Kabilang sa gawain ng paaralan ang pagpapalawak ng kaalaman at pagtuturo ng wastong pag-uugali.

_____ 2. Tungkulin ng paaralan na gumawa ng batas, alituntunin at patakaran ng komunidad.

_____ 3. Ang ospital o health center ang nagtataguyod ng serbisyong pangkalusugan.

_____ 4. Ang simbahan ang pinagdarausan ng pagtitipon, pagdiriwang at programa ng komunidad.

_____ 5. Tungkulin ng bawat pamilya na tumugon sa pangangailangan ng mag-anak.

**E. Panuto:** Ibigay ang mga tungkulin at gawain ng mga sumusunod na institusyon sa komunidad. Gawin ito sa papel.

| Institusyon | Tungkulin | Gawain |
|---|---|---|
| 1. Pamilya | | |
| 2. Pamahalaan | | |
| 3. Paaralan | | |
| 4. Ospital | | |
| 5. Pamilihan | | |

**F. Panuto:** Piliin ang letra ng tungkulin o gawain na naipahahayag sa bawat sitwasyon. Isulat sa patlang ang tamang letra.

A. Magtinda ng pangunahing pangangailangan sa presyo na abot-kaya ng mga tao.
B. Tumutugon sa pangangailangan ng mga anak.
C. Pagpapalawak ng kaalaman.
D. Nagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan sa komunidad.
E. Pinapanatili ang malusog ang panggangatawan ng mga tao sa komunidad.

_____ 1. Nagsusumikap si Mang Elias sa pagsasaka sa kanilang munting bukirin upang matustusan ang pang araw-araw na pangangailangan ng kaniyang mag-anak.


_____ 2. Isang aktibong mag-aaral si Tina, madalas ay lumalahok siya sa mga patimpalak.

_____ 3. Masayang naninirahan ang mag-anak na Cruz sa Bayan ng Tarlac dahil tahimik, payapa at may pagkakaisa ang bawat mamamayan dito.

_____ 4. Bihirang may magkasakit sa mag-anak ni Aling Lita sinisiguro niyang kumpleto sa bitamina ang kaniyang mga anak galing sa kanilang Health Center.

_____ 5. Pinapanatiling abot kaya ang mga bilihin sa Lungsod ng Tarlac upang lahat ng mamamayan ay makabili ng kanilang mga pangangailangan.

G. **Panuto:** Sumulat ng mga salitang naglalarawan sa gawain at tungkulin ng mga sumusunod na institusyon. Gawin ito sa papel.



**H. Panuto:** Pumili ng isang institusyon na matatagpuan sa iyong komunidad. Kumpletuhin ang mga impormasyong hinihingi sa ibaba. Gawin ito sa papel.

**Institusyon**

| Mga Tungkulin: | Mga Gawain: | Mga nagagawa sa sarili at pamilya: |
| --- | --- | --- |
| | | |

## *Isaisip*

**Panuto:** Piliin sa loob ng ulap ang mga salitang angkop sa bawat pahayag. Isulat sa kahon ang tamang sagot. Gawin ito sa papel.

komunidad tungkulin
sarili
pangangailangan gawain

Ang bawat bumubuo ng ____________ ay may mahalagang ____________ at gawain. Ang mga tungkulin at ____________ na ito ay may kaugnayan sa ating ____________ at sariling pamilya na nakatutulong upang mapunan ang ating mga ____________ sa pagkain, kalusugan, dikaryon, espiritwal at libangan.



# *Isagawa*

**Panuto:** Sundin ang mga panutong isinasaad sa bawat bilang. Gawin ito sa papel.

| | |
|---|---|
| 1. Ilarawan ang pook libangan na matatagpuan sa inyong komunidad. | |
| 2. Isulat ang gawain na ginagampanan ng ospital sa komunidad. | |
| 3. Isulat sa tatsulok ang tungkulin ng pamilihan sa inyong komunidad. | |
| 4. Ilarawan ang paaralan na matatagpuan sa inyong komunidad. | |
| 5. Isulat ang gawain na ginagampanan ng simbahan sa komunidad. | |

## *Tayahin*

**Panuto:** Kulayan ng asul ang bilog (T) kung ito ay tumutukoy sa tungkulin ng institusyon na bumubuo sa komunidad at pula (G) kung tumutukoy sa mga gawain nito. Gawin ito sa papel.

| | |
|---|---|
| (T) (G) | 1. Pagpapalawak ng kaalaman at pagtuturo ng wastong pag-uugali ay gawain ng paaralan. |
| (T) (G) | 2. Ang ospital ay nagtataguyod ng serbisyong pangkalusugan |
| (T) (G) | 3. Pamahalaan ang nagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan sa komunidad. |
| (T) (G) | 4. Pamilya ang tumutugon sa pangangailangan ng mga anak. |
| (T) (G) | 5. Pamahalaan ang gumawa ng batas, alituntunin at patakaran ng komunidad. |

# *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Itala ang mga tungkulin at gawain ng mga institusyon sa iyong sarili at pamilya.





# Susi sa Pagwawasto

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Subukin**<br>1. pula<br>2. asul<br>3. pula<br>4. asul<br>5. asul | **Balikan**<br>1. ospital<br>2. parke<br>3.pamahalaan<br>4. pamilihan<br>5. simbahan | **Pagyamanin**<br>**A**<br>1. c<br>2. b<br>3. e<br>4. a<br>5. d | **B**<br>1. ☺<br>2. ☹<br>3. ☺<br>4. ☺<br>5. ☹ |
| **C**<br>1. tsek<br>2. tsek<br>3. ekis<br>4. ekis<br>5. tsek | **D**<br>1. bituin<br>2. buwan<br>3. bituin<br>4. buwan<br>5. bituin | **E**<br>Tingnan ang pahina 6 at 7 bilang gabay | **F**<br>1. B<br>2. C<br>3. D<br>4. E<br>5. A |
| **G**<br>Tingnan ang pahina 6 at 7 bilang gabay | **H**<br>Maaaring iba-iba ang sagot ng mag-aaral. | **Isaisip**<br>komunidad<br>tungkulin<br>gawain<br>sarili<br>pangangailangan | **Isagawa**<br>Maaaring iba-iba ang sagot ng mag-aaral . |
| **Tayahin**<br>1. G<br>2. T<br>3. T<br>4. T<br>5. G | **Karagdagang Gawain**<br>Maaaring iba-iba ang sagot ng mag-aaral. | | |

# *Sanggunian*

Gloria M. Cruz, Charity A. Capunitan, Emelita C. dela Rosa, Leo F. Arrobang "Gawain at Tungkulin ng Mga Bumubuo ng Komunidad" *Araling Panlipunan 2* (Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), Unang Edisyon, 2013), 18-33

Gloria M. Cruz, Charity A. Capunitan, Emelita C. dela Rosa, Leo F. Arrobang "Gawain at Tungkulin ng Mga Bumubuo ng Komunidad" *Araling Panlipunan 2 Patnubay ng Guro* (Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat(DepEd-IMCS), Unang Edisyon, 2013), 6-8

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph